

INTEGRASYON NG TEKNOLOHIYA SA PAGTUTURO NG MATHEMATICS: PAGKATUTO NG MGA MAG-AARAL SA IKAAPAT NA BAITANG

by:

Reicy L. Due

Teacher III, Daang Bago Elementary School

Ang edukasyon sa kasalukuyan ay hindi na limitado sa mga aklat, pisara, pambura, at chalk. Lumalawak na ito sa digital na mundo kung saan ang teknolohiya ay nagsisilbing tulay tungo sa mas mabisa at makabuluhang pagkatuto. Isa sa mga asignaturang lubos na nakikinabang sa makabagong pamamaraang ito ay ang Mathematics – isang asignaturang kadalasang kinatatakutan ng mga mag-aaral, lalo na sa elementarya.

Sa ikaapat na baitang, nagsisimula nang harapin ng mga mag-aaral ang mas malalalim na konsepto tulad ng pagbuo at paglutas ng mga word problems, paghahati ng malalaking bilang, fractions, at simpleng geometry. Sa yugtong ito ng kanilang pag-aaral, mahalaga ang paggamit ng mga estratehiyang magpapadali at magpapalinaw sa mga komplikadong ideya. Dito pumapasok ang integrasyon ng teknolohiya bilang isang mabisang kasangkapan sa epektibong pagtuturo at pagkatuto.

Hindi maikakaila na ang teknolohiya ay bahagi na ng pang-araw-araw na buhay ng kabataan. Mula sa simpleng mobile games hanggang sa paggamit ng mga online learning platforms, malinaw ang impluwensya nito sa paraan ng kanilang pagkatuto. Kaya't makatuwirang isama ito sa pormal na edukasyon – hindi bilang kapalit ng guro, kundi bilang katuwang sa mas epektibong pagtuturo. Sa Mathematics, nagbibigay ang teknolohiya ng interaktibong paraan ng presentasyon. Sa pamamagitan ng tablets, laptops, smart TV, o projectors, maaaring makapanood ang mga mag-aaral ng animated video lessons tungkol sa fractions o shapes. Maaari rin silang magsanay gamit ang math

games at apps na may multiple choice, drag-and-drop, o real-time feedback. Ang mga ganitong pamamaraan ay nakapagpapataas ng interes at motibasyon ng mga bata sa pag-aaral.

Maraming benepisyo ang naidudulot ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo. Sa halip na simpleng magbigay ng formula o halimbawa, nagiging mas konkretong karanasan ang pagkatuto. Halimbawa, ang konsepto ng “division” ay maaaring ipakita sa pamamagitan ng visual animation kung saan nahahati ang mga bagay sa pantay-pantay na bahagi, mas malinaw na naipapaliwanag sa mga mag-aaral. Nakakatulong din ito sa pagpapaigting ng konsentrasyon. Ang paggamit ng interactive math games ay nagpapataas ng focus at atensyon ng mga bata, lalo na kung ang aralin ay nakapaloob sa isang digital na gawain na nakakaengganyo at nakakapukaw ng interes. Bukod dito, maaari ring iakma ang mga aktibidad batay sa indibidwal na antas ng kakayahan. Ang batang nahihirapan sa multiplication ay maaaring bigyan ng karagdagang interactive na pagsasanay, habang ang mas bihasa ay maaaring lumipat sa mas komplikadong konsepto.

The Official Website of DepED Division of Bataan

Gayunpaman, kaakibat ng mga benepisyo ay ang ilang hamon. Isa na rito ang kakulangan ng makabagong kagamitan, lalo na sa mga paaralan sa probinsya na walang sapat na computers, projectors, smart TV, o tablets. Mahalaga rin ang sapat na pagsasanay ng mga guro upang magamit nang tama at epektibo ang teknolohiya. Kung walang tamang kaalaman, maaaring hindi magamit nang wasto ang mga ito at mawalan ng saysay sa pagkatuto. Bukod dito, kung walang gabay, maaaring mauwi sa paglalaro o pag-access ng hindi pang-edukasyong content ang paggamit ng gadgets sa klase. Kaya’t mahalaga ang wastong monitoring at kontrol upang manatiling nakatuon ang mga mag-aaral sa aralin.

Sa kabuuan, ang pagsanib ng teknolohiya sa pagtuturo ng Mathematics sa ikaapat na baitang ay isang malaking hakbang tungo sa mas moderno at epektibong sistema ng edukasyon. Sa pamamagitan nito, nagiging mas makabuluhan, masigla, at mas

nakakaengganyo ang pagtuturo at pagkatuto. Gayunpaman, mahalagang tandaan na ang teknolohiya ay kasangkapan lamang—ang tunay na susi sa matagumpay na edukasyon ay nananatiling nasa kamay ng mahusay, malikhain, at may pusong guro. Kung nais nating hubugin ang mga batang mahusay sa Matematika at sa iba pang larangan, kinakailangang yakapin ang pagbabago, pagyamanin ang kaalaman, at gamitin ang teknolohiya sa tamang paraan—para sa kapakinabangan ng bawat mag-aaral.

References:

https://www.academia.edu/36071555/Epekto_ng_Teknolohiya_sa_Pag_aaral_ng_Ma

Villarito, N. Epekto ng Teknolohiya sa Pag-aaral ng Ma.

Villarito, Nezel. “Epekto Ng Teknolohiya Sa Pag-Aaral Ng Ma,” n.d.